


Ika-1 ng Setyembre ay **Araw** ng Pag-iwas sa Kalamidad

Noong ika-1 ng Setyembre, 99 taon na ang nakalilipas, isang malakas na lindol ang naganap sa rehiyon ng Kanto na nag-iwan ng 105,000 katao ang patay o nawawala, pangunahin sa Tokyo at Kanagawa. Upang hindi makalimutan ang kalamidad na dulot ng lindol na ito, ang Setyembre 1 ay itinalaga bilang “araw ng pag-iwas sa kalamidad”, isang araw ng paghahanda para sa kalamidad at mga likas na sakuna.

Sa Japan, hindi nakakagulat na ang isang malakas na lindol ay maaaring mangyari anumang oras at kahit saan. Hindi lamang ang lindol, kundi pati na rin ang mga bagyo, malakas na ulan, malakas na pag-ulan ng snow, buhawi, at pagsabog ng bulkan. Kung sasabog ang Mt. Fuji o Mt. Asama, maapektuhan din ang Saitama Prefecture. Isipin natin ang pagprotekta sa ating sarili mula sa mga sakuna gamit ang "araw ng pag-iwas sa kalamidad" bilang isang pagkakataon.



Alam mo ba ...

1. kung saan ang shelter ng inyong purok? 《Oo • Hindi》
2. gaano karaming pagkain at tubig ang kailangan mong itabi? 《Oo • Hindi》
3. anong numero ang tatawagan kung sakaling magkaroon ng sunog? 《Oo • Hindi》
4. paano gumamit ng fire extinguisher? 《Oo • Hindi》

◆ Tingnan ang hazard map ng lugar kung saan ka nakatira

Ang hazard map ay isang mapa na nagpapakita ng mga lugar na malamang na maapektuhan ng mga sakuna. Sa mapang ito ay maaari mong matantya ang pinsalang dulot ng sakuna sa lugar kung saan ka nakatira. Pagkatapos matingnan ang hazard map, suriin din ang lokasyon ng shelter at ang ruta patungo sa shelter.

Q. Saan ako makakakuha ng hazard map?

A. Makukuha mo ito sa munisipyo kung saan ka kasalukuyang nakatira.

◆ Paggawa ng simulasyon ng pag-protekta ng sarili

Kapag nagkaroon ng lindol o natural na sakuna, lumikas muna sa isang ligtas na lugar at maghanda para sa mga aftershock at sunog.

◆ Gumawa ng plano para sa paghahanda sa sakuna.

(1) Pag-usapan ng iyong pamilya kung saan lilikas sakaling magkaroon ng sakuna. ⇒ Ang mga evacuation center ay nakatalaga para sa bawat lugar.

(Mga public social hall, paaralan, pampublikong pasilidad, atbp.)

(2) Pag-usapan kung paano makokontak ang iyong pamilya, mga kakilala, at mga kaibigan sa panahong hindi mo magamit ang iyong mobile phone.

⇒ Disaster Message Dial (171) ay isang serbisyo na maaring gamitin sa pagparehistro at pagkumpirma ng impormasyon tulad ng kaligtasan ng mga taong naninirahan sa mga lugar ng kalamidad sa pamamagitan ng voice message gamit ang kanilang numero ng telepono.

※ Maaaring magamit ang serbisyo mula sa NTT East/NTT West subscriber phone at NTT DoCoMo mobile phone.

(3) Maghanda ng “pagkain sa loob ng 3 araw X ng bilang ng mga tao” bilang paghahanda sa isang sakuna. ⇒ Mga pagkain na maaring ma-stock sa mahabang panahon (~5 taon) ay mabibili. Maari din kayong mag-stock ng bigas, delatang pagkain, pouch-packed food at iba para sa loob ng 3 araw.



Fujimino-shi
Hazard map



Gabay sa
paghahanda sa
kalamidad ng
Fujimi City



FICEC
Konsultasyon at
Pagpapayo

**Ang FICEC ay tumatanggap din ng konsultasyon
at pagpapayo sa araw ng Sabado at Linggo.**
Lunes ~ Sabado: 10:00 - 16:00
Linggo: 13:00 - 16:00



Ako ay isang Pilipino na may permanent residence visa. Kung makikipagdiborsyo ako sa aking asawa, kailangan ko bang pumunta sa opisina ng imigrasyon at gumawa ng anumang pamamaraan?

Hindi mo kailangang gumawa ng anuman sa kasong ito. Gayunpaman, ang mga nananatili sa Japan gamit ang Dependent Visa, Asawa o Anak ng Japanese National Visa, o Asawa o Anak ng Permanent Resident Visa, at ang status bilang asawa ay nakabatay sa kanilang visa status, ay kinakailangang ipaalam sa tanggapan ng Immigration sa loob ng 14 na araw ng paghihiwalay o pagkamatay ng kanilang asawa. Ang pagkabisigong gawin ito ay maaaring magresulta sa multa na hanggang 200,000 yen at maaaring makaapekto sa iyong susunod na aplikasyon ng visa.

Ako ay isang Chinese at 3 taon na akong nakatira sa Saitama Pref. Ang aking 18-taong-gulang na anak na lalaki ay pupunta sa Japan pagkatapos ng high school graduation. Natanggap sya sa isang Japanese Language school dito. Mayroon bang libreng klase para matuto ng basic Japanese bago mag-enroll?

Mayroong ilang mga libreng Japanese classes na ibinibigay ng mga Japanese volunteer at non-profit na organisasyon sa Saitama Prefecture. Maaari kang humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga lokal na klase sa iyong tanggapan ng lungsod o ward. Maaari ka ring maghanap sa internet para sa “Saitama International Association (<https://sia1.jp/en/foreign/japanese/>)”. Pagkatapos makahanap ng klase na tumutugma sa iyong lokasyon, petsa, at oras, magtungo lang sa klase, hindi mo na kailangang magpareserba. Good luck!

Fujimino City [Gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay]

Naglalaman ito ng mahalagang impormasyon tulad ng pagpaparehistro ng paglipat, kasal, panganganak, buwis, pagtatapon ng basura, segurong pangkalusugan, kapakanan at pangangalagang medikal, kapakanan ng mga bata, mga paaralan, atbp. Makakakuha ng kopya sa City Hall, Citizens Section, Community Center, Fujimino International Exchange Center, atbp.



Libre ang pampleta.

- English
- Simpleng Nihongo
- Chinese
- Filipino
- Portuguese.
- Korean
- Vietnamese
- Nepali

Café FICEC Only English café



Cafe FICEC ay gaganapin sa ika-unang Linggo ng bawat buwan mula 2:00 p.m. simula Setyembre. Isang pagtitipon at kasayahan kung saan ang pag-uusap ay sa wikang Ingles sa loob lamang ng 90 minuto. Sumali tayo at magkaroon ng mga bagong kaibigan.

- Petsa/Oras: Oktubre 2 (Linggo) 14:00-15:30
- Saan: FICEC
- Bayad: 500 yen (para sa tsaa)
- Bilang ng tao: hanggang 12 katao
- Tumawag at magpa-reserba: 049-256-4290



公益財団法人
つなぐいのち基金

“Drawing Contest” para sa mga batang may foreign roots

Nagtapos noong Agosto ang eksibisyon na ginanap sa isang malapit na pasilidad at muling ipapakita sa FICEC sa Setyembre. Tingnan ang 44 na mga larawan ng 33 mga bata mula sa 9 na bansa. Mangyaring tingnan ang website ng FICEC para sa mga petsa at iba pang impormasyon.

